DIAGNOSTIC TOOL ON THE SYNODAL IMPLEMENTATION IN THE ARCHDIOCESE OF SAN FERNANDO, PAMPANGA

Layunin ng tool na ito na makatulong sa parokya na suriin kung paano isinasabuhay ang pakikinig, pagninilay, pakikilahok, pananagutan, pakikipagtulungan, at misyon bilang isang synodal na Simbahan.

A. IMPORMASYON NG RESPONDENT / PAMAYANAN

Pangalan ng Parokya: ____
Pangalan ng Baranagay: ____
BEC / Pamayanan / Ministry (kung BEC Cells, ilang BEC Cells meron): ______________________________
Uri ng Respondent: ☐ Pari ☐ Religious ☐ Laykong Lider ☐ BEC Leader ☐ BEC Cells
Petsa ng Pagsagot: ______________________

B. PANUTO

Basahin ang bawat pahayag at piliin ang bilang na pinakamalapit sa kalagayan ng inyong BEC, parokya, ministry, o pamayanan. Sagutin batay sa aktuwal na karanasan at gawain ng inyong pamayanan.

Iskor	Kahulugan	
1	**Hindi Pa Isinasabuhay** – Hindi pa ito naisasagawa sa aming pamayanan/Parokya. (Not Yet)	☆
2	**Bihirang Isinasabuhay** – May ginagawa ngunit hindi regular o hindi pa sapat. (Beginning)	☆☆
3	**Bahagyang Isinasabuhay** – Paminsan-minsan lamang itong ginagawa. (Developing)	☆☆☆
4	**Kadalasang Isinasabuhay** – Madalas itong ginagawa ngunit may ilang pagkakataong hindi. (Established)	☆☆☆☆
5	**Lubos na Isinasabuhay** – Malinaw at regular itong ginagawa sa aming pamayanan/parokya. (Mature/Missionary)	☆☆☆☆☆

C. SYNODALITY ASSESSMENT

KATANGIAN 1 – PAKIKINIG, PAGNINILAY, AT PAKIKIPAMUHAY

Ang isang synodal na pamayanan ay marunong makinig sa isa't isa, magnilay sa liwanag ng Salita ng Diyos, at samahan ang mga tao sa kanilang buhay.

Blg.	Pahayag	1 *Hindi pa naisasabuhay (Not Yet)*	2 *Bihirang Isinasabuhay (Beginning)*	3 *Bahagyang Isinasabuhay (Developing)*	4 *Kadalasang Isinasabuhay (Established)*	5 *Lubos na Isinasabuhay (Mature/Missionary)*
1	Sa aming mga pagpupulong, nakikinig ba kami sa isa't isa at sa gabay ng Espiritu Santo bago gumawa ng mga pasiya gamit ang "Conversation in the Spirit"?	☐	☐	☐	☐	☐
2	Sinasadya ba naming pakinggan ang mga taong nasa laylayan, mahihina, nangangailangan, o karaniwang hindi nabibigyan ng pagkakataong magsalita?	☐	☐	☐	☐	☐
3	Nagsasagawa ba ng pakikinig at konsultasyon sa mga pamilya at miyembro ng pamayanan, hindi lamang sa mga pormal na pagpupulong ng konseho-pastoral?	☐	☐	☐	☐	☐
4	Nakikibahagi ba ang mga pari, laykong lider, at pastoral workers sa buhay at	☐	☐	☐	☐	☐

	pinagdaraanan ng mga tao, lalo na ng mga nangangailangan ng tulong at kalinga?					
5	Ang aming pakikinig, pagninilay, at pagkilatis sa kalooban ng Diyos ba ay nagbubunga ng mga konkretong pasiya at gawain para sa misyon ng Simbahan.	☐	☐	☐	☐	☐

Mga Tala / Halimbawa / Patunay (kung mayroon):

____

____

KATANGIAN 2 – PAGHUBOG TUNGO SA PAGBABAGO AT MISYON

Ang paghubog ay hindi lamang tungkol sa kaalaman. Layunin nitong baguhin ang buhay at ihanda tayo sa paglilingkod at misyon.

Blg.	Pahayag	1 *Hindi pa naisasabuhay (Not Yet)*	2 *Bihirang Isinasabuhay (Beginning)*	3 *Bahagyang Isinasabuhay (Developing)*	4 *Kadalasang Isinasabuhay (Established)*	5 *Lubos na Isinasabuhay (Mature/Missionary)*
1	Nakakatulong ba ang mga programa sa paghubog (Formation Programs) upang mas mapalalim ang aming pananampalataya, magbago bilang Kristiyano, at maging tunay na mga alagad ni Kristo?	☐	☐	☐	☐	☐
2	Pinagtutulungan ba ng mga pari at laykong lider ang mga programa para sa paghubog?	☐	☐	☐	☐	☐
3	Sa aming paghubog at pagninilay, pinag-uusapan at inuunawa ba namin ang mga tunay na suliranin at isyung nararanasan ng aming pamayanan?	☐	☐	☐	☐	☐
4	Humahantong ba ang aming mga paghubog at pagninilay sa mga konkretong pagkilos at gawaing tumutugon sa pangangailangan ng pamayanan?	☐	☐	☐	☐	☐
5	Nabibigyan ba ang mga kabataan at bagong lider ng pagkakataong matuto, makilahok, mamuno, at maglingkod sa pamayanan?	☐	☐	☐	☐	☐

Mga Tala / Halimbawa / Patunay (kung mayroon):

____

____

KATANGIAN 3 – MAPANAGUTAN AT NAGTUTULUNGANG PAMUMUNO

Sa synodal na Simbahan, ang pamumuno ay paglilingkod at pananagutan, hindi lamang kapangyarihan o posisyon.

Blg.	Pahayag	1 *Hindi pa naisasabuhay (Not Yet)*	2 *Bihirang Isinasabuhay (Beginning)*	3 *Bahagyang Isinasabuhay (Developing)*	4 *Kadalasang Isinasabuhay (Established)*	5 *Lubos na Isinasabuhay (Mature/Missionary)*
1	Nagtutulungan ba ang mga pari at layko sa pagpaplano, paggawa ng mga pasiya, at pagsasagawa ng mga gawain ng parokya?	☐	☐	☐	☐	☐
2	Nabibigyan ng pagkakataong ang mga BEC at mga lokal na pamayanan (grassroots) na magsalita at makilahok sa mga usaping may kinalaman sa buhay at gawain ng Parokya?	☐	☐	☐	☐	☐
3	Malinaw at bukas ba sa mga miyembro ang impormasyon tungkol sa mga pasiya, gawain, at paggamit ng pondo ng parokya o pamayanan katulad ng Parish Financial Reports, Fund Raising, Second Collection, Construction, at iba pang mga proyekto sa Parokya?	☐	☐	☐	☐	☐
4	Isinasabuhay ba ng mga lider ang pagiging kapwa-lingkod (servant-leadership) sa pamamagitan ng pagiging marunong makinig, tumatanggap ng mungkahi, at bukas sa puna o pagtutuwid?	☐	☐	☐	☐	☐
5	Sinusuri ba ang aming mga gawain at tinatanggap ang pananagutan sa aming paglilingkod?	☐	☐	☐	☐	☐

Mga Tala / Halimbawa / Patunay (kung mayroon):

____

____

KATANGIAN 4 – MALAWAK NA PAKIKILAHOK AT PAGKALINGA SA MGA NASA LAYLAYAN

Ang BEC ay isang pamayanang walang naiiwan at binibigyan ng puwang ang bawat isa.

Blg.	Pahayag	1 *Hindi pa naisasabuhay (Not Yet)*	2 *Bihirang Isinasabuhay (Beginning)*	3 *Bahagyang Isinasabuhay (Developing)*	4 *Kadalasang Isinasabuhay (Established)*	5 *Lubos na Isinasabuhay (Mature/Missionary)*
1	Ang aming BEC ba ay tunay na lugar ng pakikinig, pakikilahok, pagninilay, at sama-samang pagkilos para sa misyon ng Simbahan?	☐	☐	☐	☐	☐
2	Isinasama ba namin sa mga konsultasyon at pagpaplano ang iba't ibang sektor,	☐	☐	☐	☐	☐

	pamilya, kabataan, at mga taong nasa laylayan?					
3	Isinasabuhay ba ang paglapit at pagdalaw sa mga pamilyang nangangailangan, lalo na sa mga nasa laylayan o hindi aktibong nakikilahok sa buhay ng Simbahan?	☐	☐	☐	☐	☐
4	Nakikibahagi ba ang mga pari at lingkod simbahan sa aktuwal na buhay ng mga BEC Cells at lokal na pamayanan (grassroots) at nauunawaan ang kanilang kalagayan?	☐	☐	☐	☐	☐
5	Bilang pamayanan, pinagninilayan ba ang mga suliraning panlipunan na nakaaapekto sa buhay ng aming mga pamilya at komunidad at pinag-uusapan kung paano kami makatutugon?	☐	☐	☐	☐	☐

Mga Tala / Halimbawa / Patunay (kung mayroon):

____

____

KATANGIAN 5 – PAKIKIPAGKAPWA, PAKIKIPAGTULUNGAN, AT MISYON

Ang Simbahan ay hindi nakahiwalay sa pamayanan. Nakikipagtulungan ito sa iba para sa kabutihang panlahat.

Blg.	Pahayag	1 *Hindi pa naisasabuhay (Not Yet)*	2 *Bihirang Isinasabuhay (Beginning)*	3 *Bahagyang Isinasabuhay (Developing)*	4 *Kadalasang Isinasabuhay (Established)*	5 *Lubos na Isinasabuhay (Mature/Missionary)*
1	Nakikipag-ugnayan at nakikipagtulungan ba ang mga lingkod sa mga organisasyon at grupo sa aming komunidad?	☐	☐	☐	☐	☐
2	Nakikipagtulungan ba kami sa iba't ibang sektor at grupo upang sama-samang tugunan ang mga suliraning kinakaharap ng aming pamayanan?	☐	☐	☐	☐	☐
3	Nakikilahok ba ang mga miyembro ng aming pamayanan sa mga gawaing nagtataguyod ng dignidad ng tao, katarungang panlipunan, kapayapaan, at kabutihang panlahat?	☐	☐	☐	☐	☐
4	Ang aming pakikipagtulungan sa ibang grupo ba ay hindi lamang para sa isang programa o event, kundi nagiging tuloy-tuloy na ugnayan at sama-samang paglilingkod?	☐	☐	☐	☐	☐
5	Bukas ba kami sa pakikipagtulungan sa iba't ibang grupo, sektor, at maging sa mga taong may ibang paniniwala, kung ito ay para sa kabutihan ng pamayanan?	☐	☐	☐	☐	☐

Mga Tala / Halimbawa / Patunay (kung mayroon):

____

____

KATANGIAN 6 – Archdiocesan Flagship Programs at KATIPUNAN Formation Program

Ang mga Archdiocesan Flagship Programs at KATIPUNAN Formation Program

Blg.	Pahayag	1 *Hindi pa naisasabuhay (Not Yet)*	2 *Bihirang Isinasabuhay (Beginning)*	3 *Bahagyang Isinasabuhay (Developing)*	4 *Kadalasang Isinasabuhay (Established)*	5 *Lubos na Isinasabuhay (Mature/Missionary)*
1	Nagpapahayag ba ang mga Archdiocese of San Fernando Flagship Programs (Cruzada VDLR, CTK, BEC) at ang KATIPUNAN Formation Program ng pamamarang synodal (pakikinig, pagninilay, pakikipagkapwa)?	☐	☐	☐	☐	☐
2	Cruzada VDLR: Sa pamamagitan ng Cruzada ng Virgen delos Remedios, mas naisasabuhay ba namin ang aming pananampalataya sa Diyos, pakikinig, pagbabahaginan, at pagkakaisa bilang pamilya at pamayanan?	☐	☐	☐	☐	☐
3.	Cruzada VDLR: Sa pamamagitan ng Cruzada ng Virgen delos Remedios, mas naisasabuhay ba namin ang pagkalinga, pakikipagtulungan, at sama-samang paglilingkod sa pamayanan at sa misyon ng Simbahan?					
3	Christ the King: Sa pamamagitan ng debosyon sa Kristong Hari, mas naisasabuhay ba ang paglilingkod sa kapwa, pagtanggap sa mga sakripisyo, at pagpasan ng Krus tungo sa kaganapan ng buhay?	☐	☐	☐	☐	☐
4	Katipunan Formation Program: Sa pamamagitan ng Katipunan Formation Program, mas naisasabuhay ba ang pagpapalawak ng kamalayan sa isyung panlipunan at gabayan ang mga tao na ialay ang kanilang buong OO / "yes" at	☐	☐	☐	☐	☐

	katapatan sa Diyos bilang responsableng Pilipino?					
5	Flagship Programs and Pastoral Plan: Humahantong ba ang mga Archdiocese of San Fernando Flagship Programs (Cruzada VDLR, CTK, BEC) at ang KATIPUNAN Formation Program sa mga konkretong pagkilos at gawaing tumutugon sa pangangailangan ng Archdiocese/Parokya?	☐	☐	☐	☐	☐

QUANTITATIVE FACTORS:

KATANGIAN 1 – PAKIKINIG, PAGNINILAY, AT PAKIKIPAMUHAY

_______- Bilang ng mga pagtitipon para sa pakikinig bawat taon
_______ - Bilang ng mga pagpupulong ng PPC na gumagamit ng Conversation in the Spirit
_______ - Bilang ng mga sesyon ng pakikinig para sa iba't ibang sektor
_______ - Bilang ng mga sinanay na tagapagpadaloy (facilitators) ng synodality
_______ - Bilang ng mga pangkat para sa regular na pakikipamuhay at pagkalinga

KATANGIAN 2 – PAGHUBOG TUNGO SA PAGBABAGO AT MISYON

_______ - Bilang ng mga pari at laykong lider na nakatapos ng synodal formation
_______ - Bilang ng mga sama-samang paghubog ng pari at layko
_______ - Bilang ng mga paghubog na tumatalakay sa mga isyung panlipunan
_______ - Bilang ng mga gawaing pangmisyon na nagmula sa formation

KATANGIAN 3 – MAPANAGUTAN AT NAGTUTULUNGANG PAMUMUNO

_______ - Pagkakaroon ng mga lider ng BEC sa mga konsehong pastoral
_______ - Dalas ng mga pagpupulong na gumagamit ng sama-samang pagkilatis
_______ - Pagkakaroon ng taunang ulat sa pananalapi at gawaing pastoral
_______ - Bilang ng mga programa ng paghubog para sa mga lider

KATANGIAN 4 – MALAWAK NA PAKIKILAHOK AT PAGKALINGA SA MGA NASA LAYLAYAN

_______ - Bilang ng mga aktibong BEC
_______ - Bilang ng mga pamilyang naaabot at nadadalaw
_______ - Bilang ng mga pangkat para sa sama-samang pagninilay ng iba't ibang sektor
_______ - Antas ng pakikilahok ng mga nasa laylayan sa konsultasyon

KATANGIAN 5 – PAKIKIPAGKAPWA, PAKIKIPAGTULUNGAN, AT MISYON

_______ - Bilang ng mga pormal na pakikipagtulungan sa ibang organisasyon o institusyon
_______ - Bilang ng mga dayalogo kasama ang iba't ibang sektor
_______ - Bilang ng mga sama-samang programa para sa mga isyung panlipunan
_______- Bilang ng mga gawaing pangkaunlaran na isinasagawa kasama ang mga katuwang ng Simbahan

KATANGIAN 6 – ARCHDIOCESAN FLAGSHIP PROGRAMS AT KATIPUNAN FORMATION PROGRAM (c/o the Director/Head of the Flagship Programs and Katipunan Program)

_______ - Bilang ng mga archdiocesan formation programs na naganap sa nakalipas na taon sa Cruzada
_______ - Bilang ng mga archdiocesan formation programs na naganap sa nakalipas na taon sa Christ the KIng
_______ - Bilang ng mga archdiocesan formation programs na naganap sa nakalipas na taon sa Katipunan Program
_______- Bilang ng mga konkretong pagkilos at gawain na tumutugon sa pangangailangan ng Arkidiocesis/Parokya